

# Kasiyahan Sa Pagkatuto Ng Mga Mag-Aaral Ng Senior High School Gamit Ang Modular Distance Learning

**RIZZA R. SANCHEZ**  
Teacher II  
Rajal-Angayan National High School  
Balungao, Pangasinan  
09565277031  
rizzasanchezii@gmail.com

*Abstrak* — Iminungkahi ng pag-aaral na ito ang kasiyahan sa pagkatuto ng mga mag-aaral gamit ang modular distance learning sa panahon ng pandemya. Ito ay isinagawa ayon sa disenyo ng pamamaraang deskriptib upang mailarawan ang resulta ng suliraning inilahad sa unang kabanata na kung saan tinukoy at inilarawan ang antas ng kasiyahan sa pagkatuto ng mga mag-aaral gamit ang modular distance learning. Kaya naman palarawan o deskriptib na pananaliksik ang ginamit, sapagkat ang ganitong pananaliksik ay isang imbestigasyon na naglalarawan at nagbibigay kahulugan sa isang paksa. Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa mga mag-aaral ng Senior High School sa munisipalidad ng Balungao. Buhat sa nakuhang resulta sa kasiyahan sa pagkatuto ng mga mag-aaral gamit ang modular distance learning ay nakakuha ng 3.07 na kabuoang numerikal na katumbas. Lumabas din sa pag-aaral na walang makabuluhang ugnayan ang profayl at antas ng kasiyahan sa pagkatuto ng mga mag-aaral. At mula naman sa resulta ng salik na nakakaapekto sa kasiyahan sa pagkatuto ng mag-aaral, mayroong apat (4) na suliranin na bahagyang nakakaapekto sa pagkatuto ng mag-aaral. Ito ang mga sumusunod na suliranin 1 - walang paggabay sa pagsagot ng mga modyul, na may nangangahulugang numerikal na katumbas na 1.94, suliranin 4 – walang internet access na gagamitin sa pagsagot ng modyul na may numerikal na katumbas na nangangahulugang 1.94, at suliranin 9 – maraming gawaing bahay ang balakid sa pagsagot sa modyul na may numerikal na katumbas na 1.80. Samakatuwid, ang suliranin 2 - walang tamang oras sa pagsagot ng modyul, suliranin 5 - walang paggabay ng guro sa pagsagot ng modyul, suliranin 6 - kakulangan sa kaalaman sa paggamit ng internet, suliranin 7 - kawalan ng interes sa pag-aaral, suliranin 8 - limitadong kaalaman ng mag-aaral sa mga paksa na nasa modyul, at suliranin 10 - may impluwensya ang barkada sa pagsagot ng modyul ay hindi nakakaapekto sa kasiyahan ng mga mag-aaral sa pagkatuto.

---

## I. Introduksyon

Ang bawat mag-aaral ay may kani-kaniyang katangian at kahusayan sa pag-aaral. Ang bawat isa'y nagtataglay ng abilidad at talino upang unawain ang isang paksa o gawain. Bilang mag-aaral, mahalaga ang edukasyon sapagkat ito ang nakatutulong sa pagpapaunlad ng sarili at nagpapalakas ng loob para makipagsapalaran sa buhay. Napakahalaga ng edukasyon sa buhay ng

isang mag-aaral sapagkat ito ang magpapatatag sa kanilang pagkatao upang harapin ang pagsubok at matutong lumaban sa agos ng buhay.

Sa gitna ng pandemyang ating kinakaharap, isang malaking hamon para sa mga mag-aaral kung paano makasabay sa bagong sistema ng pag-aaral. Nahaharap sa mga panibagong pagsubok ang mga estudyante, pamilya, at guro. Kung dati ay kinakailangan nilang pumasok sa paaralan upang matuto, ngayon ay mananatili lamang sila sa kanilang mga tahanan at doon mag-aaral sa pamamagitan ng online, modyular na paraan o ang blended learning kung saan pinagsama ang mga nabanggit na pamamaraan. Mariing sinabi ng Kalihim ng Kagawaran, Dr. Leonor M. Briones, na sa pagpapatupad ng “blended” at “distance learning approach” sa pamamagitan ng “online classes, printed and digitized learning modules”, telebisyon at radyo, ay maibabahagi ang mga asignatura na kailangang matutuhan ng mga mag-aaral anuman ang estado sa buhay. Ayon kay Vygotsky (1987), ang mga mag-aaral na handang humarap sa hamon ng edukasyon ay lumalaking nagagamit ang kaniyang mga natutuhan at nakadadagdag ito sa antas ng pagpapahalaga niya sa sarili kung siya mismo ang tutuklas ng paraang ito para sa sarili niya.

Buhat ng pandemyang kinakaharap ng buong mundo, inaasahan ang maraming mga pagbabago sa sistema ng edukasyon. Sa Pilipinas, iminungkahi ng Kagawaran ng Edukasyon ang Distance Learning Modalities na siyang makatutulong sa pagpapatuloy ng pag-aaral ng mga mag-aaral. Maraming mga problema ang maaaring kaharapin ng sektor ng edukasyon kung kaya’t patuloy sa pagsasagawa ng solusyon ang mga guro, nang sa gayon ay patuloy dingmapataas at mapanatili ang kalidad ng edukasyon sa bansa. Dagdag pa rito ang inaasahang pagsabay sa uso ng mga kawani at guro sa larangan ng pagtuturo. Kinikilala ni Elkhoully (2010) na marami sa mga miyembro ng kaguruan ang nag-aatubili sa paggamit ng teknolohiya sa proseso ng pagtuturo. (Lictaoa, 2021)

Ayon sa pag-aaral ni Bernardo (2020), ang modular learning ay ang pinakatanyag na uri ng Distance Learning. Sa Pilipinas, ang pag-aaral sa pamamagitan ng printed at digital modules lumitaw bilang ang pinaka ginustong paraan ng pag-aaral sa distance learning ng mga magulang na may mga anak na ay nakatala ngayong akademikong taon. Ito rin ay sa pagsasaalang-alang ng mga mag-aaral sa kanayunan kung saan ang internet ay hindi naa-access para sa online na pag-aaral.

Kung kaya’t layunin ng pananaliksik na ito na malaman o matukoy ang kasiyahan sa pagkatuto ng mga mag-aaral gamit ang modular distance learning.

#### KAUGNAY NA LITERATURA

Makikita sa pag-aaral na isinagawa nina Abante et. al (2020) sa kanilang pag-aaral na may titulong “A Comparative Analysis on the Challenges of Online Learning Modality and Modular Learning Modality: A Basis for Training Program” na ginagamit ang dalawang pangunahing alternatibong pamamaraan, ang pag-aaral na online at modular learning sa panahon ng pandemya.

Lumabas din sa isinagawang pag-aaral na may mga suliranin itong kaugnay sa mga guro ng parehong pampubliko at pribadong guro at paaralan.

Binanggit naman sa pag-aaral Ferdig et al. (2020) marami sa mga naglalathala ngayong panahon ng pandemya ay nakapokus sa karanasan, inobasyon at mga pamamaraan sa pagtuturo. Isa sa mga layunin nito ay upang makatulong sa iba pang mga nasa sektor ng edukasyon namakakuha ng mga makabagong ideya kung paano haharapin ang mga suliranin sa pagtuturo sa panahon ng pandemya.

Ipinahayag ni Ambayon (2020), sa modular na pagtuturo, natututo ang mga mag-aaral sa kanilang sariling hakbang o pamamaraan. Ito ay nakakatulong sa mga mag-aaral upang mabigyan ng mahabang pagkakataong masagot ang mga gawain. Sa paraang ito ng pagtuturo kailangang bigyan ng sapat na pagsasanay ang mga guro tungkol sa kung paano gagamitin at ipapatupad sa loob ng klase.

## II. Methodology

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa ayon sa disenyo ng pamamaraang deskriptib upang mailarawan ang resulta ng suliraning inilahad sa unang kabanata na kung saan tinukoy at inilarawan ang antas ng kasiyahan sa pagkatuto ng mga mag-aaral gamit ang modular distance learning. Nabigyang kasagutan ng mananaliksik ang mga katanungang inilahad. Ang deskriptib ay isang pananaliksik na naglalarawan at nagbibigay kahulugan tungkol sa isang bagay o paksa. Ito ay may kinalaman sa mga kondisyon at mga ugnayang nagaganap, mga gawaing umiiral, paniniwala at prosesong nagaganap, mga epektibong nararamdaman o kalakarang nalinang.

Ang mananaliksik ay gumamit ng kwestyuneyr (likert scale) upang mangalap ng mga impormasyon na kinakailangan sa pag-aaral. Ang kwestyuneyr (likert scale) ang ginamit upang madaling maipakita ang mga datos na kinakailangan sa pag-aaral. Ang mga katanungan ay ipasasagot sa isangdaang mag-aaral ng Senior High School sa munisipalidad ng Balungao.

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa mga mag-aaral ng Senior High na binubuo ng isangdaan (100) na mag-aaral mula sa apat na paaralang sekundaya ng bayan ng Balungao. Dalawampu't lima (25) mula sa Balungao National High School (15 STEM, 10 TVL), samantalang dalawampu't lima (25) rin ang mula sa San Aurelio National High School (10 STEM, 8 TVL, 7 GAS), dalawampu't lima (25) sa Rajal-Angayan National High School (15 HUMSS, 10 ABM), at dalawampu't lima (25) sa San Leon National High School (25 TVL). Ang kabuoang 100 na respondante ay mga mag-aaral sa bayan ng Balungao na may iba't ibang strand sa Senior High School.

### III. Resulta At Pagtalakay

Sa tsapter na ito, inilahad at inilarawan ang mga resulta at interpretasyon ng mga nakuhang datos sa pagsagot sa nabanggit na paglalahad ng mga suliranin.

Nakapaloob sa talahanayan 1 ang mga Profayl ng mga mag-aaral ng Senior High School bilang mga respondante

#### Talahanayan 1

##### Profayl ng mga Mag-aaral

**N= 100**

Profayl	Kategorya	(f)	%
<b>Baitang</b>	Baitang 11	80	80.00
	Baitang 12	20	20.00
<b>Strand</b>	ABM	10	10.00
	HUMSS	15	15.00
	GAS	7	7.00
	STEM	25	25.00
	TVL	43	43.00
	<b>Kasarian</b>	Lalaki	56
	Babae	44	44.00
<b>Buwanang kita ng pamilya</b>	5,000 – 10,000	10	10.00
	15,000 – 20,000	69	69.00
	25,000 pataas	21	21.00
<b>Pinakamataas na natapos ng magulang</b>	Elementarya	7	7.00
	Sekundarya	33	33.00
	Kolehiyo	60	60.00
<b>Pinakagamiting gadget sa pag-aaral</b>	Cellphone	84	84.00
	Tablet	10	10.00
	Laptop	6	6.00

#### A. Baitang

Sa unang bahagi ng talahanayan, makikita ang resulta ng mga respondante na may bilang na 80 o 80 bahagdan ang baitang 11 na mag-aaral samantalang sa baitang 12 na mag-aaral naman ay may 20 o 20 bahagdan. Sa kabuoan ang may pinakamaraming mag-aaral ay nagmula sa baitang 11.

## **B. Strand**

Makikita naman sa ikalawang bahagi na ang TVL ang may nangungunang strands na may 43 na respondante. Sinusundan naman ng may pinakamaraming bilang ang STEM na may 25 samantalang ang HUMSS ay may 15. Ang ABM naman ay may 10 na respondante. Sinasabi ng pigyur na ang may pinakamaliit na strand ay mula sa GAS na may bilang na 7.

## **C. Kasarian**

Makikita sa ikatlong bahagi ang tungkol sa Kasarian ng mga respondente na ang karamihan ay ang mga babae na may 56 na bahagdan ng mga respondante. Samantalang ang mga lalaki ay may 44 na bahagdan ng mga respondante.

## **D. Buwanang kita ng pamilya**

Makikita sa ikaapat na bahagi na ang kabuuang kita ng pamilya sa halagang 15,000-20,000 ay may 69 na bahagdan ng mga respondente. Sinundan nito ang halagang 25,000 pataas buwanang kita na may 21 na bahagdan samantalang ang nakakuha naman ng may pinakamababa ay ang buwanang kita mula 5,000 to 10,000 na mayroong 10 bahagdan.

## **E. Pinakamataas na natapos ng magulang**

Sa bahaging may pinakamataas na natapos ng magulang ay nanguna ang sekundaryang antas na mayroong 60 bahagdan na may pinakamaraming respondante sa kabuuan. Sinundan naman ng maraming bilang ang nakapagtapos ng kolehiyo na may 33 bahagdan. Nakakuha naman ng 7 bahagdan na may pinakamaliit ang mga magulang na nakapagtapos sa elementarya.

## **F. Pinakagamiting gadget sa pag-aaral**

At sa huling bahagi ay makikita na ang selfon ang pinakagamiting gadget sa pag-aaral na may 84 bahagdan ng kabuuang respondante. Sinundan lamang ng laptop na may 10 bahagdan at ang pinakamababang bahagdan ay mula sa kabuuang respondante na may 6 na bahagdan na gumagamit ng tablet sa pag-aaral.

Makikita sa talahanayan 2 ang kasiyahan sa pagkatuto ng mga mag-aaral gamit ang modular distance learning batay sa ugnayang pampamilya na kung saan ay tutukuyin ang bawat antas nito ayon sa numerikal na katumbas, deskriptibong katumbas at interpretasyon ng bawat isa.

**Talananayan 2**
**Antas ng Kasiyahan sa Pagkatuto ng mga Mag-aaral**
**Gamit ang Modular Distance Learning sa Panahon ng Pandemya**
**Batay sa Ugnayang Pampamilya**

N= 100

<b>A. Ugnayang Pampamilya</b>	<b>Numerikal na Katumbas</b>	<b>Deskriptibong Katumbas</b>	<b>Interpretasyon</b>
<b>1. Mayroong gumagabay na miyembro ng pamilya sa pagsagot ng modyul</b>	2.5	N	Nasiyahan sa pagkatuto gamit ang modular distance learning
<b>2. Mayroong motibasyon ng mga magulang o miyembro ng pamilya</b>	3.05	N	Nasiyahan sa pagkatuto gamit ang modular distance learning
<b>3. Lubos ang paggabay ng mga magulang</b>	3.24	N	Nasiyahan sa pagkatuto gamit ang modular distance learning
<b>4. Pagkakaroon masaya at suportadong pamilya</b>	3.22	N	Nasiyahan sa pagkatuto gamit ang modular distance learning
<b>5. Mataas na edukasyon ng miyembro ng pamilya</b>	2.89	N	Nasiyahan sa pagkatuto gamit ang modular distance learning
<b>Average Weighted Mean</b>	2.98	N	Nasiyahan sa pagkatuto gamit ang modular distance learning

---

<b>Numerikal na Katumbas</b>	<b>Deskriptibong Katumbas</b>	<b>Interpretasyon</b>
3.50 – 4.00	Lubhang Nasiyahan (LN)	Lubhang nasiyahan sa pagkatuto gamit ang modular distance learning
2.50 – 3.49	Nasiyahan (N)	Nasiyahan sa pagkatuto gamit ang modular distance learning
1.50 – 2.49	Bahagyang Nasiyahan (BN)	Bahagyang Nasiyahan sa pagkatuto gamit ang modular distance learning
1.00 – 1.49	Hindi Nasiyahan (HN)	Hindi Nasiyahan sa pagkatuto gamit ang modular distance learning

Buhat sa **talahanayan 2**, ang ugnayang pampamilya sa antas ng kasiyahan sa pagkatuto ng mga mag-aaral gamit ang modular distance learning sa panahon ng pandemya ay mapapansin na may AWM na 2.98 na nasiyahan. Ang may malaking numerikal na katumbas ay mula sa Lubos ang paggabay ng mga magulang na may 3.24 na nangangahulugang nasiyahan. At ang pinakamababa naman ay ang pagkakaroon ng gumagabay na miyembro ng pamilya sa pagsagot ng modyul na may 2.5 numerikal na katumbas na may naglalarawang katumbas na nasiyahan.

Makikita naman sa talahanayan 3 ang kasiyahan sa pagkatuto ng mga mag-aaral gamit ang modular distance learning batay sa ugnayang pampaaralan na kung saan ay tutukuyin ang bawat antas nito ayon sa numerikal na katumbas, deskriptibong katumbas at interpretasyon ng bawat isa.

**Talahanayan 3**
**Antas ng Kasiyahan sa Pagkatuto ng mga Mag-aaral Gamit ang**
**Modular Distance Learning sa Panahon ng Pandemya**
**Batay sa Ugnayang Pampaaralan**
**N= 100**

<b>B. Ugnayang Pampaaralan</b>	<b>Numerikal na Katumbas</b>	<b>Deskriptibo ng Katumbas</b>	<b>Interpretasyon</b>
<b>1. Mayroong sapat na paggabay ng guro</b>	3.55	LN	Lubhang nasiyahan sa pagkatuto gamit ang modular distance learning
<b>2. Mayroong sapat na bilang ng modyuls na magagamit sa pag-aaral</b>	3.47	N	Nasiyahan sa pagkatuto gamit ang modular distance learning
<b>3. Nakapagbibigay ng modyuls sa tamang oras at araw</b>	3.46	N	Nasiyahan sa pagkatuto gamit ang modular distance learning
<b>4. Nakapagbibigay ang mga guro ng mga gawain ayon sa kanilang antas ng pagkatuto</b>	3.70	LN	Lubhang nasiyahan sa pagkatuto gamit ang modular distance learning
<b>5. Nakapagbibigay ng motibasyon ang guro sa pag-aaral</b>	3.66	LN	Lubhang nasiyahan sa pagkatuto gamit ang modular distance learning
<b>Average Weighted Mean</b>	3.56	LN	Lubhang nasiyahan sa pagkatuto gamit ang modular distance learning



Numerikal Katumbas	na Deskriptibong Katumbas	Interpretasyon
3.50 – 4.00	Lubhang Nasiyahan (LN)	Lubhang nasiyahan sa pagkatuto gamit ang modular distance learning
2.50 – 3.49	Nasiyahan (N)	Nasiyahan sa pagkatuto gamit ang modular distance learning
1.50 – 2.49	Bahagyang Nasiyahan (BN)	Bahagyang Nasiyahan sa pagkatuto gamit ang modular distance learning
1.00 – 1.49	Hindi Nasiyahan (HN)	Hindi Nasiyahan sa pagkatuto gamit ang modular distance learning

Buhat sa **talahanayan 3**, ang ugnayang pampaaralan sa antas ng kasiyahan sa pagkatuto ng mga mag-aaral gamit ang modular distance learning sa panahon ng pandemya ay mapapansin sa AWM na 3.56 na nasiyahan. Ang may pinakamataas na numerikal na katumbas ay nakapagbibigay ang mga guro ng mga gawain ayon sa kanilang antas ng pagkatuto mula sa 3.70 na may lubhang nasiyahan. At ang may pinakamababa naman ay nakapagbibigay ng modyuls sa tamang oras at araw na may 3.46 numerikal na katumbas na may deskriptibong katumbas na

Nakapaloob naman sa talahanayan 4 ang kasiyahan sa pagkatuto ng mga mag-aaral gamit ang modular distance learning batay sa ugnayang pampaaralan na kung saan ay tutukuyin ang bawat antas nito ayon sa numerikal na katumbas, deskriptibong katumbas at interpretasyon ng bawat isa.

### Talahanayan 4

#### Antas ng Kasiyahan sa Pagkatuto ng mga Mag-aaral Gamit ang

#### Modular Distance Learning sa Panahon ng Pandemya

#### Batay sa Ugnayang Pangkaibigan

N= 100

C. Ugnayang Pangkaibigan	Numerikal na Katumbas	Deskriptibong Katumbas	Interpretasyon
1. Nagtutulungan sa pagsagot ng modyuls	3.10	N	Nasiyahan sa pagkatuto gamit ang modular distance learning
2. Magandang impluwensya ng mga kaibigan sa pag-aaral	3.15	N	Nasiyahan sa pagkatuto gamit ang modular distance learning
3. May interes sa pag-aaral ang mga kaibigan	3.11	N	Nasiyahan sa pagkatuto gamit ang modular distance learning
4. Nakapagbibigay ng motibasyon sa pag-aaral ang mga kaibigan	3.25	N	Nasiyahan sa pagkatuto gamit ang modular distance learning
5. Pagkakaroon ng sapat na oras sa pag-aaral at oras kasama ang mga kaibigan	3.18	N	Nasiyahan sa pagkatuto gamit ang modular distance learning
Average Weighted Mean	3.15	N	Nasiyahan sa pagkatuto gamit ang modular distance learning

---

<b>Numerikal Katumbas</b>	<b>na</b>	<b>Deskriptibong Katumbas</b>	<b>Interpretasyon</b>
3.50 – 4.00		Lubhang Nasiyahan (LN)	Lubhang nasiyahan sa pagkatuto gamit ang modular distance learning
2.50 – 3.49		Nasiyahan (N)	Nasiyahan sa pagkatuto gamit ang modular distance learning
1.50 – 2.49		Bahagyang Nasiyahan (BN)	Bahagyang Nasiyahan sa pagkatuto gamit ang modular distance learning
1.00 – 1.49		Hindi Nasiyahan (HN)	Hindi Nasiyahan sa pagkatuto gamit ang modular distance learning

Buhat sa **talahanayan 4**, ang ugnayang pangkaibigan sa antas ng kasiyahan sa pagkatuto ng mga mag-aaral gamit ang modular distance learning sa panahon ng pandemya ay mapapansin sa AWM na 3.15 na may antas nasiyahan. Ang may pinakamataas na numerikal na katumbas nakapagbibigay ng motibasyon sa pag-aaral ang mga kaibigan mula sa 3.25 na may antas na nasiyahan.

Makikita naman sa talahanayan 5 ang kasiyahan sa pagkatuto ng mga mag-aaral gamit ang modular distance learning batay sa ugnayang kapaligira na kung saan ay tutukuyin ang bawat antas nito ayon sa numerikal na katumbas, deskriptibong katumbas at interpretasyon ng bawat isa.

**Talananayan 5**
**Antas ng Kasiyahan sa Pagkatuto ng mga Mag-aaral Gamit ang**
**Modular Distance Learning sa Panahon ng Pandemya**
**Batay sa Ugnayang Kapitaligiran**
**N= 100**

<b>D. Ugnayang Kapitaligiran</b>	<b>Numerikal na Katumbas</b>	<b>Deskriptibong Katumbas</b>	<b>Interpretasyon</b>
<b>1. Tahimik na paligid</b>	3.11	N	Nasiyahan sa pagkatuto gamit ang modular distance learning
<b>2. Malapit na distansya ng tirahan mula sa paaralan</b>	2.49	BN	Bahagyang Nasiyahan sa pagkatuto gamit ang modular distance learning
<b>3. Maluwang at maayos na espasyo sa tahanan</b>	2.61	N	Nasiyahan sa pagkatuto gamit ang modular distance learning
<b>4. Sapat na transportasyon patungong paaralan</b>	2.81	N	Nasiyahan sa pagkatuto gamit ang modular distance learning
<b>5. Malakas na internet signal sa lugar para sa pag-aaral</b>	2.56	N	Nasiyahan sa pagkatuto gamit ang modular distance learning
<b>Average Weighted Mean</b>	2.71	N	Nasiyahan sa pagkatuto gamit ang modular distance learning

---

<b>Numerikal na Katumbas</b>	<b>Deskriptibong Katumbas</b>	<b>Interpretasyon</b>
3.50 – 4.00	Lubhang Nasiyahan (LN)	Lubhang nasiyahan sa pagkatuto gamit ang modular distance learning
2.50 – 3.49	Nasiyahan (N)	Nasiyahan sa pagkatuto gamit ang modular distance learning
1.50 – 2.49	Bahagyang Nasiyahan (BN)	Bahagyang Nasiyahan sa pagkatuto gamit ang modular distance learning
1.00 – 1.49	Hindi Nasiyahan (HN)	Hindi Nasiyahan sa pagkatuto gamit ang modular distance learning

Buhat sa **talahanayan 5**, ang ugnayang kapaligiran sa antas ng kasiyahan sa pagkatuto ng mga mag-aaral gamit ang modular distance learning sa panahon ng pandemya ay mapapansin sa AWM na 2.71 na may antas nasiyahan. Ang may pinakamataas na numerikal na katumbas na tahimik na paligid ay 3.11 na may antas na nasiyahan. Samantala, ang may pinakamababa ay 2.49 bahagyang nasiyahan na malapit na distansya ng tirahan mula sa paaralan.

Makikita sa talahanayan 6 ang mga baryabols ng kasiyahan sa pagkatuto ng mga mag-aaral gamit ang modular distance learning na kung saan ay tutukuyin ang bawat antas nito ayon sa numerikal na katumbas, deskriptibong katumbas at interpretasyon ng bawat isa.

**Talananayan 6**
**Antas ng Kasiyahan sa Pagkatuto ng mga Mag-aaral**
**Gamit ang Modular Distance Learning**
**sa Panahon ng Pandemya**
**N=100**

<b>Baryabol</b>	<b>Numerikal Katumbas</b>	<b>na Deskriptibong Katumbas</b>	<b>Interpretasyon</b>
<b>Ugnayang Pampamilya</b>	2.98	N	Nasiyahan sa pagkatuto gamit ang modular distance learning
<b>Ugnayang Pampaaralan</b>	3.56	LN	Lubhang nasiyahan sa pagkatuto gamit ang modular distance learning
<b>Ugnayang Pangkaibigan</b>	3.15	N	Nasiyahan sa pagkatuto gamit ang modular distance learning
<b>Ugnayang Kapaligiran</b>	2.71	N	Nasiyahan sa pagkatuto gamit ang modular distance learning
<b>Overall Weighted Mean</b>	3.01	N	Nasiyahan sa pagkatuto gamit ang modular distance learning

<b>Numerikal na Katumbas</b>	<b>Deskriptibong Katumbas</b>	<b>Interpretasyon</b>
3.50 – 4.00	Lubhang Nasiyahan (LN)	Lubhang nasiyahan sa pagkatuto gamit ang modular distance learning
2.50 – 3.49	Nasiyahan (N)	Nasiyahan sa pagkatuto gamit ang modular distance learning
1.50 – 2.49	Bahagyang Nasiyahan (BN)	Bahagyang Nasiyahan sa pagkatuto gamit ang modular distance learning
1.00 – 1.49	Hindi Nasiyahan (HN)	Hindi Nasiyahan sa pagkatuto gamit ang modular distance learning

Sa **Talahanayan 6** ay makikita ang antas ng kasiyahan at katagumpayan ng mga mag-aaral sa pag-aaral gamit ang modular distance learning pagdating sa ugnayang pampamilya, pampaaralan, pangkaibigan, at ugnayang kapaligiran.

Buhat sa nakuhang resulta sa talahanayan, pagdating sa ugnayang pampamilya, pampaaralan, pangkaibigan, at ugnayang kapaligiran ay nakakaapekto sa mga mag-aaral sa antas ng kasiyahan sa paggamit at pagkatuto sa modular distance learning. Ang ugnayang pampamilya ay nakakuha ng numerikal na katumbas na 2.98 na nangangahulugang Nasiyahan. Samantalang, ugnayang pampaaralan ay may mataas na numerikal na katumbas sa apat na ugnayang nabanggit sa kasiyahan ng mga mag-aaral na mayroong 3.56 na numerikal na katumbas na nangangahulugang Lubhang Nasiyahan na kung saan ang pamilya ang may malaking epekto sa kanilang pag-aaral. Sinundan naman ng ugnayang pangkaibigan at ugnayang pangkapaligiran na nakakuha ng numerikal na katumbas na 3.15 na nangangahulugang Nasiyahan at 2.71 na nangangahulugang Nasiyahan. At batay sa resulta ng bawat baryabol ay nakakuha ng 3.01 na overall weighted mean.

### **Makabuluhang Kaugnayan Sa Antas Ng Kasiyahan Sa Profayl Ng Mga Mag-aaral**

Ang mananaliksik ay gumamit ng Analysis of Variance o 0.05 na pagpapakahulugan sa antas na kasiyahan ng mga mag-aaral

Ang talahanayan 7 ay nagpapakita ng resulta gamit ang analysis of variance na nangangahulugang sa antas ng kasiyahan ng mga mag-aaral sa kanilang profayl. Napag-alaman sa

resulta na ang lahat ng baryabol sa profayl ay walang kaugnayan sa antas ng kasiyahan sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa pananaliksik na ito.

Narito ang mga naging resulta sa pananaliksik sa antas ng kasiyahan ng mga mag-aaral.

### Talahanayan 7.1

#### Analysis of Variance ng Antas ng Kasiyahan sa Kasarian ng mga Mag-aaral

##### ANOVA

<i>Source of Variation</i>	<i>SS</i>	<i>df</i>	<i>MS</i>	<i>F</i>	<i>P-value</i>	<i>F crit</i>	<i>Remarks</i>
Between Groups	0.023203336	1	0.023203336	0.184039	0.6829	5.987378	WK
Within Groups	0.756469129	6	0.126078188				WK
Total	0.779672465	7					WK

\*WK – Walang Kaugnayan

\*MK – May Kaugnayan

Ang talahanayan 7.1 ay nagpapakita ng resulta gamit ang analysis of variance sa kasarian ng mag-aaral sa antas ng kasiyahan sa pagkatuto. Samakatuwid, ang resulta ng p-value na 0.6829 ay mas mataas sa 0.05 na nangangahulugang walang makabuluhang ugnayan sa antas ng kasiyahan ang kasarian ng mga mag-aaral.



### Talahanayan 7.2

#### Analysis of Variance sa Antas ng Kasiyahan sa Buwanang Kita ng Pamilya ng mga Mag-aaral

##### ANOVA

<i>Source of Variation</i>	<i>SS</i>	<i>df</i>	<i>MS</i>	<i>F</i>	<i>P-value</i>	<i>F crit</i>	<i>Remarks</i>
Between Groups	0.12076	2	0.060380203	0.452150286	0.649956273	4.256495	WK
Within Groups	1.201861	9	0.13354012				WK
Total	1.322621	11					WK

\*WK – Walang Kaugnayan

\*MK – May Kaugnayan

Ang talahanayan 7.2 ay nagpapakita ng resulta gamit ang analysis of variance sa buwanang kita ng pamilya at antas ng kasiyahan sa pagkatuto. Gayunpaman, ang resulta ay nag-uulat ng p-value na 0.6499 na mas malaki kaysa sa 0.05. Ito ay nagpapahiwatig na walang istatistikal na kahalagahan o kaugnayan sa pagitan ng mga paraan ng antas ng kasiyahan batay sa buwanang kita ng pamilya ng mga mag-aaral na nagpapahiwatig na walang sapat na ebidensya para sabihing may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng antas ng kasiyahan at buwanang kita ng pamilya ng mag-aaral.

### Talahanayan 7.3

#### Analysis of Variance sa Antas ng Kasiyahan sa Pinakamataas na Natapos ng Magulang ng mga Mag-aaral

##### ANOVA

<i>Source of Variation</i>	<i>SS</i>	<i>df</i>	<i>MS</i>	<i>F</i>	<i>P-value</i>	<i>F crit</i>	<i>Remarks</i>
Between Groups	0.056011	2	0.028006	0.212906	0.812189	4.256495	WK
Within Groups	1.18386	9	0.13154				WK
Total	1.239871	11					WK

\*WK – Walang Kaugnayan

\*MK – May Kaugnayan

Ipinapakita sa talahanayan 7.3 ang resulta gamit ang analysis of variance sa pagitan ng pinakamataas na natapos ng mga magulang ng mag-aaral sa antas ng kasiyahan sa pagkatuto. Gayunpaman, ang resulta ay nag-uulat ng p-value na 0.8121 na mas malaki kaysa sa 0.05. Ito ay nagpapahiwatig na walang istatistikal na kahalagahan o kaugnayan sa pagitan ng mga paraan ng antas ng kasiyahan batay sa pinakamataas na natapos ng mga magulang ng mga mag-aaral na nagsasaad na walang sapat na ebidensya para sabihing mayroong makabuluhang ugnayan sa pagitan ng antas ng kasiyahan at pinakamataas na natapos ng magulang ng mga mag-aaral.

### Talahanayan 7.4

#### Analysis of Variance sa Antas ng Kasiyahan sa Pinakagamiting Gadgets sa Pag-aaral ng mga Mag-aaral

ANOVA

<i>Source of Variation</i>	<i>of SS</i>	<i>df</i>	<i>MS</i>	<i>F</i>	<i>P-value</i>	<i>F crit</i>	<i>Remarks</i>
Between Groups	0.084328	2	0.042164	0.38394	0.691815	4.256495	WK
Within Groups	0.988371	9	0.109819				WK
Total	1.072699	11					WK

\*WK – Walang Kaugnayan

\*MK – May Kaugnayan

Ipinapakita sa talahanayan 7.4 ang resulta gamit ang analysis of variance sa mga pinakagamiting gadget para sa pag-aaral sa antas ng kasiyahan sa pagkatuto. Gayunpaman, ang resulta ay nag-uulat ng p-value na 0.6918 na mas malaki kaysa sa 0.05. Ito ay nagpapahiwatig na walang istatistikal na kahalagahan o kaugnayan sa pagitan ng mga paraan ng antas ng kasiyahan batay sa pinakagamiting gadget na ginagamit para sa pag-aaral na nagpapahiwatig na walang sapat na katibayan upang sabihin na mayroong makabuluhang ugnayan sa pagitan ng antas ng kasiyahan at pinakagamiting gadget na ginagamit ng mga mag-aaral.

### Talahanayan 7.5

#### Analysis of Variance sa Antas ng Kasiyahan sa Baitang ng mga Mag-aaral

ANOVA

<i>Source of Variation</i>	<i>SS</i>	<i>df</i>	<i>MS</i>	<i>F</i>	<i>P-value</i>	<i>F crit</i>	<i>Remarks</i>
Between Groups	3.83E-05	1	3.82813E-05	0.000314617	0.98642343	5.987378	WK
Within Groups	0.730055	6	0.121675781				WK
Total	0.730093	7					WK

\*WK – Walang Kaugnayan

\*MK – May Kaugnayan

Ipinapakita sa talahanayan 7.5 ang resulta gamit ang analysis of variance sa pagitan ng baitang at antas kasiyahan sa pagkatuto. Gayunpaman, ang resulta ay nag-uulat ng isang p-value na 0.9864 na mas malaki kaysa sa 0.05. Ipinahihiwatig nito na walang istatistikal na kahalagahan o kaugnayan sa pagitan ng mga paraan ng antas ng kasiyahan batay sa antas ng baitang ng mga mag-aaral na nagpapahiwatig na walang sapat na ebidensya para sabihing mayroong makabuluhang ugnayan sa pagitan ng antas ng kasiyahan at baitang ng mga mag-aaral.

### Talahanayan 7.6

#### Analysis of Variance sa Antas ng Kasiyahan sa Strand ng mga Mag-aaral

ANOVA

<i>Source of Variation</i>	<i>SS</i>	<i>df</i>	<i>MS</i>	<i>F</i>	<i>P-value</i>	<i>F crit</i>	<i>Remarks</i>
Between Groups	0.204638	4	0.051159	0.458029	0.76532	3.055568	WK
Within Groups	1.675423	15	0.111695				WK
Total	1.880061	19					WK

\*WK – Walang Kaugnayan

\*MK – May Kaugnayan

Ipinapakita sa talahanayan 7.6 ang resulta gamit ang analysis of variance sa pagitan ng strand at antas ng kasiyahan sa pagkatuto. Gayunpaman, ang resulta ay nag-uulat ng p-value na 0.76532 na mas malaki kaysa sa 0.05. Ipinahihwatig nito na walang istatistikal na kahalagahan o kaugnayan sa pagitan ang antas ng kasiyahan batay sa strand ng mga mag-aaral na nagsasaad na walang sapat na katibayan upang sabihin na mayroong makabuluhang ugnayan sa pagitan ng antas ng kasiyahan at strand ng mag-aaral.

**Talahanayan 8**  
**Mga Suliraning na Nakaaapekto sa Kasiyahan sa Pagkatuto ng mga**  
**Mag-aaral Gamit ang Modular Distance Learning**  
**sa Panahon ng Pandemya**  
**N=100**

<b>Mga suliranin na nakaaapekto Sa pagkatuto</b>	<b>Numerikal na Katumbas</b>	<b>Deskriptibong Katumbas</b>	<b>Interpretasyon</b>
1. Walang paggabay sa pagsagot ng mga modyul	1.8	Bahagyang Nakaaapekto	Bahagyang Nakaaapekto sa pagkatuto gamit ang modular distance learning
2. Walang tamang oras sa pagsagot ng modyul	1.49	Hindi Nakaaapekto	Hindi Nakaaapekto sa pagkatuto gamit ang modular distance learning
3. Walang kaayusan at pokus sa pagsagot ng modyul	1.94	Bahagyang Nakaaapekto	Bahagyang Nakaaapekto sa pagkatuto gamit ang modular distance learning
4. Walang internet access na gagamitin sa pagsagot ng modyul	1.94	Bahagyang Nakaaapekto	Bahagyang Nakaaapekto sa pagkatuto gamit ang modular distance learning
5. Walang paggabay ng guro sa pagsagot ng modyul	1.69	Hindi Nakaaapekto	Hindi Nakaaapekto sa pagkatuto gamit ang modular distance learning
6. Kakulangan sa kaalaman sa paggamit ng internet	1.69	Hindi Nakaaapekto	Hindi Nakaaapekto sa pagkatuto gamit ang modular distance learning
7. Kawalan ng interes sa pag-aaral	1.61	Hindi Nakaaapekto	Hindi Nakaaapekto sa pagkatuto gamit ang modular distance learning
8. Limitadong kaalaman ng mag-aaral sa mga paksa na nasa modyul	1.67	Hindi Nakaaapekto	Hindi Nakaaapekto sa pagkatuto gamit ang modular distance learning
9. Maraming gawaing bahay ang balakid sa pagsagot ng modyul	1.8	Bahagyang Nakaaapekto	Bahagyang Nakaaapekto sa pagkatuto gamit ang modular distance learning
10. May impluwensya ang barkada sa pagsagot ng modyul	1.61	Hindi Nakaaapekto	Hindi Nakaaapekto sa pagkatuto gamit ang modular distance learning

Katumbas	Deskriptibong Katumbas	Interpretasyon
3.50 – 4.00	Lubhang Nakaaapekto (LN)	Lubhang Nakaaapekto sa pagkatuto gamit ang modular distance learning
2.50 – 3.49	Nakaaapekto (N)	Nakaaapekto sa pagkatuto gamit ang modular distance learning
1.50 – 2.49	Bahagyang Nakaaapekto (BN)	Bahagyang Nakaaapekto sa pagkatuto gamit ang modular distance learning
1.00 – 1.49	Hindi Nakaaapekto (HN)	Hindi Nakaaapekto sa pagkatuto gamit ang modular distance learning

Makikita ang **Talahanayan 8** ng mga salik na nakaaapekto sa kasiyahan ng mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto. Mula sa resulta ng **talahanayan 8**, mayroong apat (4) na suliranin na bahagyang nakakaapekto sa pagkatuto ng mag-aaral. Ito ang mga sumusunod na suliranin - walang paggabay sa pagsagot ng mga modyul, na may numerikal na katumbas na 1.80, suliranin 4 – walang internet access na gagamitin sa pagsagot ng modyul na may numerikal na katumbas na 1.94, at suliranin 9 – maraming gawaing bahay ang balakid sa pagsagot sa modyul na may numerikal na katumbas na 1.80.

#### IV. Conclusion

Batay sa lagom na natuklasan, ang mga sumusunod na kongklusyon ay nabuo mas marami ang naging bilang ng mga respondante mula sa baitang ikalabing-isa kumpara sa bilang ng mga nasa baitang ikalabindalawa. Sa antas ng kasiyahan sa pag-aaral gamit ang modular distance learning ay lubhang nasiyahan ang mga mag-aaral sa ugnayang pampaaralan. Napatunayan sa pananaliksik na ito na walang kaugnayan ang profayl sa antas ng kasiyahan sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang walang kaayusan at pokus sa pagsagot ng modyul, at kawalan ng internet access ang pinakasuliranin sa mga salik na nakaaapekto sa kasiyahan ng mga mag-aaral, ito ay may 1.94 na numerikal na katumbas na nangangahulugang bahagyang nakaaapekto. Isa rin sa mga suliraning nakaaapekto sa mga mag-aaral ay ang walang paggabay sa pagsagot ng mga modyul at maraming gawaing bahay na balakid sa pagsagot ng modyul.

## REFERENCES

- [1] Ali, W., & Kaur, M. (2020). Mediating educational challenges amidst Covid-19 pandemic. *Asia Pacific Journal of Contemporary Education and Communication Technology*, 6(2), 40-57.
- [2] Börü, N. (2018). The factors affecting teacher-motivation. *International Journal of Instruction*, 11(4), 761-776.
- [3] Dimas, V. D., et al. "Modular learning modality: Karanasan ng mga mag-aaral mula sa mga liblib na lugar sa bayan ng Juban."
- [4] Felonia, M. (2021). Mga pamamaraan at kagamitan sa pagtuturo ng Filipino sa panahon ng pandemya.
- [5] Murillo, P.V & P., et. al. (2022). Flexible learning modality: Pagkatuto ng mga mag-aaral sa panahon ng pandemya. *International Journal of Research Studies in Education*. 11. 33-53.10.5861/ijrse.2022.815.
- [6] Kaantasan ng Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino Tugon sa Makabagong Estratehiya sa Pagtuturo ng Wika at Panitikan sa Panahon ng Pandemya. <https://tinyurl.com/bdznme65>
- [7] Kagarawaran ng Edukasyon, (2021). Pahayag ng pakikiisa ng kagawaran ng Edukasyon. <https://tinyurl.com/3m23x74y>
- [8] Lictaoa R.C. B. (2021). Development, validation, and acceptance of the material intervention strategy (Esinma) on students' learning for the new normal.
- [9] Malipot, M.H. (2020, May). DepEd all set for coming school year, HEI's may open as early as August. *Manila Bulletin*.
- [10] Mark, A. (2015). Factors influencing teachers' motivation and job performance in Kibaha district Tanzania. Open and distance learning of the Open University of Tanzania.
- [11] Mga Pamamaraan at Kagamitan sa Pagtuturo ng Filipino sa Panahon ng Pandemya. <https://tinyurl.com/2w82a7dm>
- [12] Noval, A. (2022). Ang Guro bilang frontliner: Karanasan ng mga Guro sa Filipino sa panahon ng pandemya.
- [13] Salandanan, G. G. (2001). *Teacher education journal*, Katha Publishing Co., Inc., ISBN No. 971-574-034-0, 71-72 & 124-125